

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County

Plano sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika

Epektibong Petsa: Hulyo 1, 2025

Ang mga katanungan tungkol sa planong ito ay maaaring ipadala kay Sonya Vasquez, Direktor, Sentro para sa Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan (Center for Health Equity)

svasquez@ph.lacounty.gov

(213) 288-8427

Ang mga pangkalahatang katanungan ay maaari ring gawin sa:

DPHLanguageAccess@ph.lacounty.gov

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Pampublikong Kalusugan) Sentro para sa Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan (Center for Health Equity) ang namamahala sa Yunit ng Katarungan sa Wika (Language Justice Unit), na nangangasiwa sa Plano ng Pagkakaroon ng Akses (Language Access Plan) ng kagawaran.

Mga Seksyon:

1. Pangkalahatang-ideya at Konteksto
 - a. Misyon ng Kagawaran
 - b. Mga Prayoridad na Wika ng Kagawaran
2. Patakaran sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Kagawaran
 - a. Pangkalahatang Pahayag
 - b. Saklaw ng Patakaran
3. Mga Pangunahing Termino at Kahulugan
4. Mga Pamamaraan at Patakaran
 - a. Mga Pamamaraan
 - b. Pagtukoy sa mga Ginustong Wika
 - c. Mahahalagang Dokumento
 - d. Patakaran sa Mga Hindi Sinanay na Tagapagsalin ng Wika (Interpreter)
5. Abiso ng Tulong sa Wika
6. Pagsubaybay sa Pagiging Epektibo ng Tulong sa Wika
 - a. Pagsusuri ng Tulong sa Wika



b. Proseso ng Pagtugon sa mga Reklamo sa Akses sa Wika

7. Pagsasanay

8. Pagpapa-alam at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad



SEKSYON 1: PANGKALAHATANG-IDEYA & KONTEKSTO

A. Misyong ng Kagawaran

Isulong ang mga kondisyon na sumusuporta sa pinakamainam na kalusugan at kapakanan para sa lahat.

Naniniwala ang Pampublikong Kalusugan na para mapabuti ang mga resulta para sa lahat, ang mga pagsisikap ay kailangang nakatuon sa mga pinakabulnerable at pagkalooban sila ng akses sa kung ano ang kailangan nila upang maging malusog at maginhawa. Ang pangunahing estratehiya ay ang pag-aalok ng mga serbisyo at impormasyon na angkop sa wika at kultura. Ang paggawa nito ay nagbibigay-daan sa mga tao na maunawaan ang impormasyon, makagawa ng mga matalinong desisyon, ganap na lumahok sa mga programa, at manatiling protektado mula sa mga potensyal na pinsala. Pinapayagan nito ang Pampublikong Kalusugan na mapalawig ang komunikasyon sa kalusugan ng publiko, itaguyod ang mga pinakamahasag na kasanayan, at mapabuti ang mga resulta ng kalusugan.

B. Mga Prayoridad na Wika ng Kagawaran

Ang Pampublikong Kalusugan ay nagsisilbi sa Los Angeles County, ang tahanan ng higit sa 10 milyong residente at destinasyon ng mga milyong-milyong naglalakbay. Para suportahan ang magkakaibang komunidad na ito, ang lahat ng impormasyon ay ibinibigay gamit [ang mga prinsipyo ng simpleng wika](#), ang mga dokumento ay isinalin sa maraming wika, at ang mga kliyente ay maaaring makatanggap ng mga serbisyo sa pagsasalin sa kanilang ginustong wika.

Mga Pagsasalin

Karamihan sa mga dokumento ay inihanda sa 11 na karaniwang wika: Arabe, Armenian, Cambodian, Chinese (tradisyonal/pinasimple), Ingles, Korean, Farsi, Ruso, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese. Kasalukuyang ginagamit ng Pampublikong Kalusugan ang listahan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California ng mga [Karaniwang Wika para sa Los Angeles County](#). Gayunpaman, ang mga programa sa Pampublikong Kalusugan ay nagsasalin ng mga materyales sa ibang mga wika batay sa ilang mga kadahilanan, tulad ng 1) komunidad kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo ay may kasamang (mga) wika na sinasalita ng bukod sa karaniwang mga wika, 2) batay sa datos, ang isang partikular na populasyon ay nangangailangan ng iminungkahing serbisyo, at 3) komunidad na humihiling para sa mga materyales sa isang partikular na wika. Mula noong Agosto 2023, ang mga pagsasalin ay ginawa sa 27 iba pang mga wika bukod sa mga karaniwang wika.



Mga Interpretasyon

Noong 2024 lamang, ang mga klinika sa Pampublikong Kalusugan ay nagsilbi sa humigit-kumulang 12,485 na mga pasyente na nagsasalita sa isa sa 44 na natatanging pangunahing wika maliban sa Ingles, kabilang ang maraming mga Katutubong wika ng Mesoamerican at maraming mga wikang gamit ang senyas (sign language). Anuman ang wika, kapag ang isang naka-iskedyul na nagsasalin ng wika ay hindi makagawa ng pagdalo (appointment) o kapag ang mga nagsasalita ng bilingguwal na kawani ay wala doon para magamit o hindi sapat ang kakayahan sa isang wika, ginagamit ang mga serbisyong pagsasalin-wika sa pamamagitan ng platapormang bidyo kapag kinakailangan (on-demand video platform) at telepono sa mga programang nakatuon sa publiko. Nakikipagtulungan din ang Pampublikong Kalusugan sa iba't ibang mga nagkakaloob ng serbisyo (vendor) ng akses sa wika para sa interpretasyon, kabilang ang pagkakaloob ng wika gamit ang mga senyales (sign language).



SEKSYON 2: PATAKARAN SA PAGKAKAROON NG AKSES SA WIKA NG KAGAWARAN

A. Pangkalahatang Pahayag ng Patakaran

Ang Pampublikong Kalusugan ay nakatuon na masigurong makakamit ng lahat ng mga indibidwal na magkaroon ng akses at magamit ang mga serbisyo at makatanggap ng impormasyon sa kanilang ginustong wika. Ang Pampublikong Kalusugan ay nagkakaloob ng libreng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon para sa may Limitadong Kakayahan sa Ingles [Limited English Proficient (LEP)], sa mga nakikipag-usap sa isang Wika maliban sa Ingles (Language Other than English [LOTE]), at/o sa mga taong ang komunikasyon ay apektado ng isang medikal na kondisyon o dahil sa pagtanda. Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng suporta at mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong sa wika, itinataguyod namin ang pagiging inklusibo at pinagyayaman ang isang komunidad kung saan ang lahat ay maaaring mas ganap na makakalahok at uunlad.

B. Saklaw ng Patakaran

Ang Patakaran sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Pampublikong Kalusugan ay nalalapat sa mga manggagawa ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County na kinabibilangan ng mga kawani, kontratista, at boluntaryo kapag nakikipagtulungan sa mga kliyente at mga namumuhunang kasapi (stakeholder) ng komunidad na naghahanap ng akses sa mga programa at serbisyo sa Pampublikong Kalusugan na ipinagkakaloob sa mga pasilidad ng Pampublikong Kalusugan, mga hindi-klinikal na kapaligiran (hal., pagpapaalam [outreach] sa komunidad, pagbisita sa bahay ng pasyente, o kliyente, pagtawag sa telepono para sa kalusugan [telehealth], at mga kaganapan na itinataguyod ng Pampublikong Kalusugan).



SEKSYON 3: MGA PANGUNAHING TERMINO AT KAHULUGAN

Sertipikadong Bilingguwal na Kawani: Ang isang bilingguwal na kawani na sertipikado ng Kagawaran ng mga Tauhan ng Pampublikong Kalusugan (Public Health Human Resources) para magkaloob ng tulong sa wika bilang bahagi ng kanilang kasalukuyang, nakatalagang trabaho. Ang kawaninga ito ay sertipikadong dalubhasa sa pagbabasa, pagsusulat, at/o pagsasalita ng isang wika maliban sa Ingles. Ang mga Sertipikadong Bilingguwal na Kawani na hindi Kwalipikadong mga Tagapagsalin ng Wika (Interpreter), tulad ng tinukoy sa ibaba, ay hindi maaaring magbigay ng indibidwal na interpretasyon sa pangangalagang medikal.

Interpretasyon: Pagbibigay-kahulugan ng sinasalita o senyas na wika sa ibang wika habang pinananatili ang kahulugan at tono ng wika.

Pagkakaroon ng Akses sa Wika: Ang pagbibigay ng libreng tulong sa wika sa may Limitadong Kakayahan sa Ingles sa kanilang ginustong wika, kabilang sa pamamagitan ng mga serbisyo sa interpretasyon at pagsasalin, upang makamit ang makatwirang pagkakaroon ng akses at pagkakataong ganap na makalahok sa mga serbisyo, mapagkukunan ng impormasyon/tulong, at programa na pinangangasiwaan ng County.

Reklamo sa Akses sa Wika: Kapag ang isang kliyente ay nakakaranas ng isang isyu sa mga serbisyo sa pagkakaroon ng akses sa wika na natanggap nila (ibig sabihin, Kalidad ng interpretasyon) o hindi man lang pinagkalooban ng mga serbisyo. Ang proseso ng reklamo sa pampublikong kalusugan ay nasa seksyon 6.b.

Wika Maliban sa Ingles (LOTE): Kilala rin bilang may Limitadong Kakayahan sa Ingles [Limited English Proficiency (LEP)] o Nag-aaral ng Wikang Ingles [English Language Learner (ELL)], ang designasyong ito ay tumutukoy sa mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanilang pangunahing wika at hindi nagbabasa, nagsusulat, at/o nagsasalita ng Ingles. Maaaring kabilang dito ang mga bingi at nahihirapang makarinig.

Limitadong Kakayahan Mag-Ingles [Limited English Proficient (LEP)]: mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanilang pangunahing wika at may limitadong kakayahang sa pagbabasa, pagsasalita, pagsusulat, at/o pag-unawa sa Ingles. Ang mga indibidwal na ito ay maaaring mangailangan ng mga serbisyo ng tulong sa wika para epektibong makipagkomunikasyon at maunawaan ang impormasyon.

Interpretasyon ng Pangangalagang Medikal: kinakailangan para sa klinikal na pagpapayo, dayagnosis, at partikular na paggamot sa isang partikular na pasyente. Hindi



ito tumutukoy sa interpretasyon ng lahat ng impormasyong may kaugnayan sa medikal, halimbawa, pangkalahatang edukasyong pangkalusugan.

Ginustong Wika: Ang pangunahing wika kung saan mas gusto ng isang indibidwal na gamitin sa pagbabasa, pagsusulat, pagsasalita, at/o pagsesenyas.

Pagsasalin: Pagsasalin ng nakasulat na komunikasyon sa ibang wika habang pinapanatili ang kahulugan.

Kwalipikadong Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Interpretasyon: Ang isang indibidwal o kumpanya na nagkakaloob ng mga serbisyo sa pagsasalin na may mga kontrata sa Pamublikong Kalusugan para magkaloob ng mga kwalipikadong serbisyo sa pagsasalita at/o Interpretasyon ng Senyales na Wika (Sign Language Interpretation).

Kwalipikadong Tagapagsalin ng Wika: Isang indibidwal na sertipikado sa interpretasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan/Medikal na namamagitan sa pagsasalita o senyales na komunikasyon sa pagitan ng mga taong nagsasalita ng iba't ibang wika, ng hindi nagdaragdag, nagbabawass o binabaluktot ang kahulugan o nagkokomento ng sariling opinyon.

Mga Mahahalagang Dokumento: Ang mga ito ay nakasulat na dokumento na nakakaapekto sa pagpapatala, patuloy na pakikilahok, o pagwawakas sa partisipasyon mula sa isang programa, benepisyo, o serbisyo ng County.

Mga Mahahalagang Talaan: Mga opisyal na dokumento na pinangangalagaan ng estado at lokal na pamahalaan na nagtatala ng mga makabuluhang kaganapan sa buhay, tulad ng mga kapanganakan, pagkamatay, pagkamatay ng sanggol sa sinapupunan/ipinanganak ng patay, kasal/sibil na kapareha sa tahanan (domestic partnership), at diborsyo.

SEKSYON 4: MGA PAMAMARAAN AT PATAKARAN

A. Mga Pamamaraan

Pagsasalin ng Dokumento

- Ang mga kawani ng Programa sa Pampublikong Kalusugan (humihiling) ay magsusumite ng isang kahilingan sa pamamagitan ng internal na portal ng Hub para sa Interpretasyon at Pagsasalin.
- Ang Yunit ng Katarungang Pangwika [Language Justice Unit (LJU)] ay makikipagtulungan sa humiling at ipapadala ang dokumento sa isa sa mga tagasalin na nagtatrabaho sa kagawaran (mga kinontrata na kawani) o isang nagkakaloob ng serbisyo (vendor) na may kontrata sa pamamagitan ng Prinsipal na Kasunduan sa Serbisyo ng Pagkakaroon ng Akses sa Wika para sa Pampublikong Kalusugan [Public Health Language Access Service Master Agreement (LASMA)].
- Ang lahat ng mga dokumento ay kinakailangang gawin gamit [ang mga prinsipyo ng simpleng wika](#) at repasuhin ng Office of Communications and Public Affairs (OCPA) para sa branding. Maaaring piliin ng mga humihiling na repasuhin ang kanilang mga dokumento ng Yunit ng Tagapangasiwa ng Edukasyong Pangkalusugan (Health Education Administration Unit) para sa simpleng paggamit ng wika at OCPA sa pamamagitan ng sistema ng HIT.

Serbisyo sa Interpretasyon

Ang Pampublikong Kalusugan ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo na may iba't ibang mga punto ng pag-akses (entry point) at pamamaraan para sa pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad.

Linya ng Impormasyon ng Pampublikong Kalusugan o mga sentro ng tawagan para sa mga partikular na programa (Public Health InfoLine or program-specific call centers)

Ang [Linya ng Impormasyon ng Pampublikong Kalusugan \(Public Health InfoLine\)](#) ay nagkakaloob ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong at serbisyo sa telepono sa mga residente ng Los Angeles County na may kaugnayan sa COVID-19, pagbabakuna, reproduktibo, pangkaisipan, pangangalagang pangkalusugan, at mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong para sa kabutihan ng kalusugan (wellness). Ang ilang mga programa sa Pampublikong Kalusugan ay may sariling mga sentro ng tawagan (call center) para sa mga partikular na paksa para sa komunidad (Tingnan ang Apendiks A).

- Mayroon na silang nakalakip (built-in) na pagpipilian ng wika kapag nagdayal na ang mga tumatawag. Kapag nakapili na, sila ay ikokonekta sa isang bilingguwal na kawani upang tumugon, o ang koponan ay nakikipagtulungan sa isang panlabas na nagkakaloob ng serbisyo (vendor) ng interpretasyon.



Plano sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Pampublikong Kalusugan)

- Kapag gumagamit ng isang panlabas na nagkakaloob ng serbisyo, isasaayos ang isang tawag sa tatlong partido (three-way call) sa nagkakaloob ng serbisyo para magbigay ng natataong kasalukuyang (live) interpretasyon.
- Kung kailangan ng mas maraming oras upang kumonekta sa tagapagsalin (interpreter), kukunin ng kawani ng programa ang impormasyon ng tumatawag at magtatakda ng tipanan (appointment) para sa ibang pagkakataon.

Mga Klinika sa Pampublikong Kalusugan, Mga Sentro sa Kalusugan ng Rehiyon, at iba pang mga programang nakikipag-ugnayan sa publiko

- Kapag nag-check-in ang isang kliyente sa information desk o sa resepsyonista, tatanungin sila ng kanilang gustong wika. Kung kinakailangan, maaaring gumamit ang mga kawani ng karatula para matukoy ang sinasalitang wika (Tingnan ang Seksyon 4b sa ibaba).
- Ang anumang mga form na kailangang kumpletuhin ay ibibigay sa kanilang gustong wika, at isang bilingguwal na kawani ang tatawagin para tumulong. Kung walang bilingguwal na kawani ang naroroon para magamit, ang pasilidad ay kukunokta sa isang panlabas na nagkakaloob ng serbisyo (vendor) ng interpretasyon.
- Kung kinakailangan ang interpretasyon ng pangangalagang medikal, kakailanganin ng pasilidad na magtalaga ng isang miyembro ng kawani na Kwalipikado sa Medikal na Pagsasalin (Interpreter) o kumonekta sa isang panlabas na nagkakaloob ng serbisyo ng interpretasyon.

Para sa mga klinikal na tipanan (appointment), ang impormasyong ito ay nasa elektronikong medikal na rekord ng kliyente, at dahil dito, ang mga kawani ay magigibng handa na mag-alok ng mga serbisyo sa kanilang gustong wika, kabilang ang, kung kinakailangan, pagkokonekta sa isang panlabas na nagkakaloob ng serbisyo (vendor) ng interpretasyon.

Mga Pagpupulong ng Komunidad

Maaaring gawing virtual o harapang personal, ang mga pagpupulong ay maaaring mangyari nang isang beses, pansamantala kung kinakailangan (ad hoc basis), o regular na pangmatagalan.

- Tinutukoy ng mga programa ang mga pangangailangan sa interpretasyon sa panahon ng proseso ng pagpaparehistro o onboarding ng pagpupulong.
- Kung kailangan ng isang tagapagsalin (interpreter), susundin ng mga programa ang proseso sa ibaba.



Mga Pagpipilian para sa Pagkokonekta sa isang Panlabas na Nagkakaloob ng Serbisyo (Vendor) ng Interpretasyon

Ang mga programa sa Pampublikong Kalusugan na nangangailangan ng mga serbisyo sa interpretasyon ng mas madalas ay gumagamit ng isang On-Demand Video at Telephonic Interpretation account. Ang lahat ng iba pa ay dadaan sa sistema ng HIT upang humiling ng mga serbisyo sa interpretasyon.

a. On-demand na interpretasyon ng video at telepono

- Ang ilang mga programa na nakikipag-ugnayan sa publiko ay may isang account upang direktang kumonekta sa mga serbisyo ng On-Demand, kabilang ang Pagkontrol sa Nakahahawang Sakit (Acute Communicable Disease Control), mga Serbisyo sa Klinika, Mga Serbisyo sa Pamayanan ng Komunidad, Pagpigil at Pagkontrol sa Pag-abuso sa Sangkap, Programa ng Beterinaryo, at Dibisyon ng Mga Programa sa HIV at STD.
- Ang mga kawani ay maaaring kumonekta kaagad sa isang tagapagsalin (interpreter) kung kinakailangan sa pamamagitan ng kanilang mga account sa kanilang mga kompyuter o telepono.

b. Hub para sa Sistema ng Interpretasyon at Pagsasalin (Hub for Interpretation and Translation [IT] System)

- Ang mga kawani ng programa ng Pampublikong Kalusugan (humihiling) ay magsusumite ng isang hiling sa pamamagitan ng internal Hub para sa Interpretasyon at Pagsasalin ng Pampublikong Kalusugan na portal, karaniwang hindi bababa sa 2 linggo bago kailanganin.
- Ang Yunit ng Katarungang Pangwika [Language Justice Unit (LJU)] ay makikipagtulungan sa humihiling at kukumpirmahin ang isang nagkakaloob ng serbisyo sa interpretasyon (interpreter vendor) na nakakontrata sa Pampublikong Kalusugan sa pamamagitan ng Prinsipal na Kasunduan sa Serbisyo ng Pagkakaroon ng Akses sa Wika para sa Pampublikong Kalusugan [Language Access Service Master Agreement (LASMA)].
- Tingnan ang Apendiks B para sa gabay sa pakikipagtrabaho sa isang tagapagsalin (interpreter).

B. Pagtukoy sa mga Gustong Wika

Tinutukoy ng Pampublikong Kalusugan ang (mga) gustong wika sa ilang paraan.

Mga Sentro ng Tawagan (Call Centers):



- Ang mga sentro ng tawagang ito ay may pagpipilian para sa mga tumatawag na piliin ang kanilang wika sa pamamagitan ng pagpindot sa isang pindutan o pagsasabi ng kanilang wika.

Mga Programa na Nakikipag-ugnayan sa Publiko

- Kawaning Maraming Alam na Wika: Ang Pampublikong Kalusugan ay may listahan ng mga sertipikadong kawani ng bilinguwal. Ang sertipikasyon ay kinakailangan ng mga kawani na dumaan sa pagsubok sa Tanggapan ng Trabaho ng Pampublikong Kalusugan (Public Health Human Resources) o isang nagkakaloob ng serbisyo (vendor) ng wika. Ang mga kawaning ito ay inilalagay sa marami naming mga pasilidad na nakikipag-ugnayan sa publiko at maaaring makatulong sa pagkakalooby ng pagsasalin/interpretasyon kung kinakailangan.
- Mga Karatula ng Ginugustong Wika: Ang mga ito ay mga nakasulat na karatula sa aming mga pampublikong pasilidad na madaling makita para sa isang miyembro ng komunidad upang ituro ang kanilang gustong wika. (Tingnan ang Apendiks B)
- Mga Tarheta (Card) ng Ginugustong Wika: Ang mga ito ay katulad ng mga karatula, ngunit mas maliit at madaling dalhin. Ang mga miyembro ng komunidad ay maaaring ituro ang wika na kanilang hinihiling. (Tingnan ang Apendiks B)

Mga Pagpupulong ng Komunidad

- Para sa mga pagpupulong na may proseso ng pagpaparehistro, ang isang tanong ay kabilang tungkol sa pangangailangan sa interpretasyon at iba pang mga akomodasyon sa pagkakaroon ng akses.
- Para sa mga bukas na pampublikong pagpupulong lalo na sa ilalim ng Brown Act, ang impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng akomodasyon ay nakalista sa agenda ng pagpupulong o webpage.

C. Mahahalagang Dokumento

Kabilang sa mga operasyon ng Pampublikong Kalusugan ang:

- mga sentro ng kalusugan, mga serbisyo sa laboratoryo,
- pagkakaloob ng permiso sa kalusugan sa kapaligiran at mga operasyon ng inspeksyon,
- pagsubaybay sa nakakahawang sakit,
- Pag-iisyu ng mga kautusan sa pangkalusugan ng publiko (hal. mga utos ng pag-iisa para humiwalay o pagkukulong), at



Plano sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Pampublikong Kalusugan)

- iba pang mga programa at serbisyo na nangangailangan ng patuloy na pakikipag-ugnayan at komunikasyon sa aming mga pasyente, kliyente, at komunidad ng Los Angeles County.

Ang mga mahahalagang dokumento para sa mga programa at serbisyo sa Pampublikong Kalusugan ay mula sa edukasyon ng pasyente at mga pagsubaybay sa medikalna tagubilin at mga alerto sa nakakahawang sakit (hal., West Nile Virus, Trangkaso ng Ibon [Bird Flu], Kalidad ng Tubig ng Dagat [Ocean Water Quality]) hanggang sa mga utos sa pampublikong kalusugan. Nauunawaan namin ang halaga ng mga dokumentong ito sa pagsuporta at pagprotekta sa kalusugan at kapakanan ng mga komunidad na pinaglilingkuran namin, at dahil dito, sinisigurado na naroroon para magamit ang mga ito sa mga wika at format na kombenyente para sa paggamit ng aming mga pasyente at kliyente, at ng publiko.

Kabilang sa mga mahahalagang dokumento ang:

- Mga abiso ng mga karapatan at obligasyon
- Komunikasyon ng pasyente at kliyente
- Mga abiso at alerto sa kalusugan
- Mga Form at aplikasyon
- Mga dokumentong legal at patakaran
- Mga dokumento at materyales sa programa

Narito ang ilang mga webpages sa Pampublikong Kalusugan:

- Mga Sentro ng Pampublikong Kalusugan:
<http://publichealth.lacounty.gov/chs/phcenters.htm>
- Aklatan (Library) ng mga Materyales na Pang-edukasyon:
<http://publichealth.lacounty.gov/chel/library/index.htm>
- Linya ng Impormasyon sa Publikong Kalusugan:
<http://publichealth.lacounty.gov/chel/PHIL.htm>

Ang Website ng Pampublikong Kalusugan ay babaguhin para napapanahon upang gumawa ng mga pagpapabuti na may kaugnayan sa nabigasyon, aksesibilidad, at pagkakaroon ng akses sa wika. Bukod dito, ang LJU ay patuloy na nakikipagtulungan sa mga koponan ng Programa ng Pampublikong Kalusugan para isalin ang lahat ng mahahalagang dokumento at kritikal na mga pahina ng katotohanan (fact sheet).

D. Patakaran sa mga Tagapagsalin (Interpreter) na Walang Pagsasanay



Isang piling bahagi ng Patakaran 362 ng Pampublikong Kalusugan – Patakaran sa Interpretasyon ng Wika

Ang isang pasyente ay hindi maaaring sabihan na magdala ng kanyang sariling tagapagsalin (interpreter). Ang paggamit ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan ay maaaring magdulot sa isang paglabag sa pagiging kompidensiyal at/o pag-aatubili mula sa pasyente na ibunyag ang personal na impormasyon na kritikal sa mga serbisyong ipinagkakaloob. Ang paggamit ng mga miyembro ng pamilya at/o mga kaibigan bilang mga tagapagsalin (interpreter) ay lubos na hinihikayat na huwag gawin.

Ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan ay maaaring gamitin lamang para magsalin (interpret) sa panahon ng mga medikal na emerhensiya kung saan ang anumang pagkaantala ay maaaring magdulot ng panganib sa isang pasyente, at pansamantala lamang hanggang sa magkaroon ng isang Kwalipikadong Tagapagsalin (Interpreter).

Kung, pagkatapos ng malinaw na pagpap-alam sa pasyente na naroon para magamit ang libreng mga Kwalipikadong Serbisyo sa Interpretasyon, maaaring partikular na hilingin ng pasyente na mas gusto nila ang kanilang pamilya/kaibigan ang magsagawa ng komunikasyon. Ang kapamilya/kaibigan ay kailangan ding sumang-ayon na magbigay ng naturang tulong, AT ang pananalig sa naturang nasa sapat na gulang na tulong ay kailangang ituring na angkop sa ilalim ng mga pangyayari ng mga kawani ng Pampublikong Kalusugan.

Ang mga menor de edad na bata (wala pang 18 taong gulang) ay hindi dapat gamitin bilang mga tagapagsalin (interpreter), maliban sa mga pambihirang sitwasyon, tulad ng mga medikal na emerhensiya kung saan ang anumang pagkaantala ay maaaring magdulot ng panganib sa isang pasyente o sa publiko, at pansamantala lamang hanggang sa magkaroon ng isang Kwalipikadong Tagapagsalin (Interpreter).

Ang paggamit ng pamilya, mga kaibigan, o mga menor de edad na bata para magbigay ng interpretasyon sa ilalim ng mga pangyayari sa itaas ay dapat idokumento sa medikal na talaan.

Seksyon 5: Abiso ng Tulong sa Wika

Isang piling bahagi mula sa Patakaran 362 ng Pampublikong Kalusugan - Seksyon ng mga Pamamaraan sa Patakaran sa Interpretasyon ng Wika, Parteng A: Abiso ng Pagkakaroon ng mga Serbisyo ng Tulong sa Wika [Availability of Language Assistance Services (LAS)]*

Dapat ipaalam sa mga kliyente ang kanilang mga karapatan na 1) tumanggap ng mga serbisyo sa interpretasyon ng walang gastos (kabilang ang Interpretasyon ng Senyales na Wika [Sign Language]), 2) ma-akses ang mga serbisyo ng tagapagsalin (interpreter), at 3) maghain ng mga reklamo tungkol sa mga serbisyo ng Interpretasyon.

Itataguyod ng Pampublikong Kalusugan ang LAS sa pamamagitan ng mga karatula sa pasilidad, mga maikling mensahe (tagline), kinakailangang paglalathala (posting), at iba pang mga materyales ng pasyente.

Sa aktuwal na pagpapatupad, ang mga abiso ay ipinapakita sa iba't ibang paraan sa aming mga pampublikong pasilidad:

- Mga Polyeto at Karatula ng Iba't ibang Wika (Multilingual Flyers and Posters): Nagdidisenyo kami at namamahagi ng mga polyeto at karatula ng iba't ibang wika sa mga tanggapan ng pampublikong kalusugan, klinika, at mga gusali ng kagawaran.
- Website ng Kagawaran: Ang aming website ay may nakalaang pahina para sa mga serbisyong pangwika, na may impormasyon sa iba't ibang wika. Nagkakaloob kami ng madaling nabigasyon gamit ang mga isinalin na pindutan (button) at tagubilin, at ang aming unang pahina (homepage) ay regular na nagpapakita ng mga banner na nagtataguyod ng tulong sa wika.
<http://publichealth.lacounty.gov/language/index.htm>
- Mensahe Habang Naghihintay sa Telepono (On-Hold Phone Messageing): Ang aming mga mensahe sa telepono habang naghihintay (on-hold) ay nagpapaalam sa mga tumatawag tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyong pangwika sa iba't ibang wika, kasama ang mga tagubilin sa kung paano humiling ng tulong.
- Bulwagan (Lobby) at mga Silid na Hintayan: Nagpapakita kami ng mga poster at karatula sa iba't ibang wika tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyo sa wika sa mga bulwagan at silid na hintayan sa aming mga pampublikong pasilidad.



Seksyon 6: Pagsubaybay sa Pagiging Epektibo ng Tulong sa Wika

A. Pagsusuri ng Tulong sa Wika

Ang Tulong sa Wika ay kasalukuyang sinusuri sa ilang paraan, ngunit tinitingnan ng koponan ang mga karagdagang pamamaraan para mapag-aralan ang serbisyong ito:

1. ***Pagsisiyasat sa Kasiyahan ng Humihiling:*** Ang mga kawani ng Pampublikong Kalusugan na gumagawa ng mga kahilingan sa pagsasalin at interpretasyon ay tumatanggap ng isang pagsisiyasat (survey) na nakukuha ang kanilang karanasan sa sistema ng HIT at ang kanilang kasiyahan sa mga serbisyo sa pagsasalin o interpretasyon (nagtatrabaho sa loob ng kagawaran at nagkakaloob ng serbisyo sa labas [in-house at vendor]) sa kabuuan. Ang datos ay kinokolekta at nirerepaso para matukoy ang mga pangangailangan sa pagpapabuti ng kalidad. Kung naaangkop, ang datos ay ibinabahagi sa mga kawani ng LJU at mga indibidwal na mga nagkakaloob ng serbisyo (vendor) upang matugunan ang agarang mga alalahanin ngunit nirerepaso din kasama ang iba pang datos ng apat nab eses sa isang taon (quarterly) at taunang batayan bilang bahagi ng pangkalahatang estratehiya sa pagpapabuti ng proseso.
2. ***Pagtatasa ng Kalidad ng Pagsasalin:*** Para masuri ang kalidad ng pagsasalin, isang hindi pinipili at hindi magkakasunod (randomized) na sampol ng 10% ng mga kahilingan ang sinusuri para sa kalidad (antas ng pagkakamali) sa iba't ibang mga panukala ng ibang nagkakaloob ng pagsasalin (tagapagsalin o nagkakaloob ng serbisyo [vendor]). Ang komentong tugon (feedback) na ibinibigay ng mga nagrerepaso ay nirerepaso kasama ang mga kawani ng LJU at mga nagkakaloob ng serbisyo (vendor) ng pagsasalin (tagapagsalin o nagkakaloob ng serbisyo [vendor]), at ang Yunit ng Katarungang Pangwika (Language Justice Unit) ay nagtatrabaho upang makatulong na matugunan ang anumang mga pagbabago sa kasanayan na kinakailangan para masiguro ang mas tumpak na mga pagsasalin sa hinaharap.
3. ***Pagsisiyasat sa Kasiyahan ng Pasyente:*** Ang yunit ng Opisina ng Pagtatasa ng Kalusugan at Pagsusuri ng Mabilis na Pagtatasa at Pagsusuri ng Pagsasanay (Office of Health Assessment & Evaluation Rapid Assessment and Training Evaluation unit) ay siyang nangangasiwa ng taunang pagsisiyasat sa kasiyahan ng pasyente sa 14 na klinika ng Pampublikong kalusugan, na kinabibilangan ng mga katanungan na nagsusuri ng kakayahan ng mga kawani sa kultura, tulad ng pagkakaloob ng mga serbisyo at materyales na sensitibo sa kultura, lahi, relihiyon,



at wika ng mga pasyente. Ang mga pagsisiyasat (survey) ay ipinagkakaloob sa isang papel na format sa Ingles at Espanyol. Ang Chinese, Armenian, at Farsi ay inihanda para sa mga klinika na nagsisilbi sa mga populasyong iyon. Ang mga resulta ay ginagamit para mapabuti ang kalidad ng programa, gumawa ng mga potensyal na pagbabago sa mga kasanayan sa klinika, at matukoy ang mga kinakailangan sa pagsasanay ng kawani.

4. ***Mga Plano ng Pagkontrol sa Kalidad ng mga Nagkakaloob ng Serbisyo (Vendor):*** Taun-taon, nirerepaso ng Yunit ng Katarungan sa Wika (Language Justice Unit) ang mga Plano ng Pagkontrol sa Kalidad para sa bawat tagapagkaloob ng serbisyo (vendor) sa Kasunduan sa mga Serbisyo sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika. Tinutukoy ng pagrerepaso kung tinutupad ng mga nagkakaloob ng serbisyo (vendor) ang mga pangunahing pangangailangan para sa patuloy na pagiging karapat-dapat sa itinalagang kasunduan (master agreement), kabilang ang regular na pagtatasa ng kanilang mga tagapagsalin/nagkakaloob ng interpretasyon, pagkakaloob ng taunang pagsasanay para sa kanilang mga kawani, at marami pa.
5. ***Datos ng Pagkakaroon ng Akses sa Wika:*** Ang datos ay kinokolekta buwan-buwan at inaangkat sa isang panloob na interface ng PowerBI, kung saan maaaring repasuhin ng koponan ang pangkalahatang mga takbo (pattern) at magkaloob ng datos sa antas ng programa. Ang koponan ay nagtatrabaho upang bumuo ng mga pampublikong ulat ng datos na ito.
 - a. ***Mga Hiling sa Pagsasalin at Interpretasyon:*** Kinokolekta ng Sistema ng HIT ang mahahalagang datos sa lahat ng mga kahilingan sa serbisyo, kabilang ang mga wikang hiniling, mga tagapagsalin o nagkakaloob ng serbisyo (vendor) na ginamit, mga uri ng mga dokumento na isinalin, o bilis ng pagkumpleto.
 - b. ***Mga Serbisyo ng On-Demand Video at Telepono:*** Sa pamamagitan ng vendor na nagkakaloob ng mga serbisyong ito, ang Pampublikong Kalusugan ay tumatanggap ng buwanang ulat ng paggamit sa pamamagitan ng account, kabilang ang mga wika na ginamit at kung gaano katagal ang mga tawag. Bukod dito, ang bawat programa na may isang account ay maaaring makita ang paggamit nito.
 - c. ***Mga Talaan ng Ginawa at Sisingilin ng Nagkakaloob ng Serbisyo (Vendor Invoices):*** Sinusubaybayan ng koponan ang mga talaan ng mga ginawa at sisingilin (invoice) na natanggap, nirepaso ng mga kawani ng programa, ipinadala sa kagawaran ng pananalapi, at nabayaran na ng buo.



- d. *Mga Elektronikong Talaan ng Klinika:* Bilang bahagi ng ipinapasok (intake) at binabago para napapanahon kung naaangkop, ang mga kawani ng Klinika ng Pampublikong Kalusugan ay kumukuha ng impormasyon sa gustong wika at dokumento ng isang kliyente kung ang mga serbisyo sa interpretasyon ay kinakailangan, inaalok, at ipinagkakaloob.
- e. *Mga Reklamo:* Ang datos ay kinokolekta din mula sa proseso ng reklamo (Tingnan ang Seksyon 6.b) para matukoy ang mga kalakarang uso.

B. Proseso ng Pagtugon sa mga Reklamo sa Akses Sa wika

Ang prosesong ito ay idinisenyo para makalikom ng impormasyong kinakailangan para malutas ang mga reklamo tungkol sa umano'y pinaghihinalaang paglabag sa Americans with Disabilities Act (ADA) at Mga Serbisyo sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika sa loob ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Pampublikong Kalusugan). Makakatulong ito sa Pampublikong Kalusugan na mapabuti ang mga serbisyo at masiguro na ang lahat ay maaaring ma-akses ang mga serbisyong kailangan nila.

Ang isang reklamo ay maaaring gawin sa tuwing nararamdaman ng isang kliyente ng Pampublikong Kalusugan na hindi sila nabibigyan ng mga akomodasyon sa ilalim ng ADA o ng naaangkop na mga Serbisyo sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika. Ang prosesong ito ay para sa umano'y pinaghihinalaang paglabag na naganap sa isang gusali ng Pampublikong Kalusugan, bilang bahagi ng isang programa/serbisyo ng Pampublikong Kalusugan, o kasama ng isang miyembro o kapartner ng manggagawa sa Pampublikong Kalusugan.

1. Ang online na form ng reklamo ay maaaring ma-akses sa <http://publichealth.lacounty.gov/ADA.htm> para ma-akses ang lahat ng mga form at mapagkukunan ng impormasyon/tulong

Maaari ring ma-akses ang pahinang ito sa pamamagitan ng
<http://publichealth.lacounty.gov/language/index.htm>

2. Kapag naisumite na ang lahat ng impormasyon, kukumpirmahin na natanggap ng Pampublikong Kalusugan ang iyong reklamo sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng limang (5) araw ng trabaho mula sa petsa ng paghahain ng reklamo.
3. Ang Pampublikong Kalusugan ay tutugon sa lahat ng mga reklamo sa lalong madaling panahon. Para sa Mga Reklamo sa Akses sa Wika, ang Pampublikong



Kalusugan ay tutugon ng hindi lalampas sa 90 araw ng negosyo mula sa petsa ng pagtanggap namin ng iyong reklamo.

Ang mga reklamo ng ADA ay tutugunan sa lalong madaling panahon at hindi lalampas sa 90 araw ng negosyo mula sa petsa ng pagtanggap ng reklamo. Kung ang hiniling na pagbabago ay nangangailangan ng malaking gastos o mga pagbabago sa istraktura, susuriin ng Pampublikong Kalusugan ang kakayahang isagawa at maghahanap ng mga alternatibong solusyon na seseguro sa akses habang isinasaalang-alang ang mga naroroong magagamit na mapagkukunan ng impormasyon/tulong.

Para sa anumang mga katanungan, para masundan ang katayuan ng isang reklamo, o upang humiling ng isang impormal na pagpupulong para talakayin ang mga alalahanin tungkol sa Americans with Disabilities Act (ADA) ng Kagawaran at Akses sa Wika, ang mga kliyente ay maaaring kontakin ang Koordineytor sa Pagsunod sa ADA ng Pampublikong Kalusugan (Public Health ADA Compliance Coordinator) sa mga sumusunod:

Koordineytor sa Pagsunod ng ADA (ADA Compliance Coordinator)

Telepono: (844) 914-1006

TTY: (800) 897-0077

Email: DPH-ADA@ph.lacounty.gov

Maaari ring piliin ng mga kliyente na makipag-ugnayan sa CEO, Seksyon ng Mga Karapatang Sibil para sa may Kapansanan sa:

Punong Opisina ng Ehekutibo, Seksyon ng Mga Karapatang Sibil para sa may Kapansanan

500 West Temple Street, Room 754, Los Angeles, California 90012

Telepono: (213) 202-6944

TTY: (855) 872-0443

Email: Adavis@ceo.lacounty.gov

Mangyaring tandaan:

- Ang paggamit ng impormal na pamamaraang ito ng reklamo ay hindi iniaatas, at hindi rin ito pumipigil sa paghahain ng reklamo sa naaangkop na ahensya ng pagpapatupad.
- Ang anumang paghihiganti, pamimilit, pananakot, pagbabanta, panghihimasok, o panliligalig dahil sa paghahain ng isang reklamo ay ipinagbabawal at dapat iulat sa lalong madaling panahon sa Koordineytor ng ADA ng Pampublikong Kalusugan



***Plano sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
(Pampublikong Kalusugan)***

(Public Health ADA Compliance Coordinator): (844) 914-1006 o sa Opisina ng Punong Ehekutibo [Chief Executive Office (CEO)] ng County, Seksyon ng mga Karapatang Sibil para sa may Kapansanan [Disability Civil Rights Section]: (213) 202-6944.



Seksyon 7: Pagsasanay

Ang Pampublikong Kalusugan ay nakatuon sa pagseguro na ang mga manggagawa sa Pampublikong Kalusugan ay may kaalaman tungkol sa kanilang mga responsibilidad at tungkulin sa mga pamamaraan sa pagkakaroon ng akses sa wika, na nagtataguyod ng isang inklusibong kapaligiran para sa mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles at LEP. Ang Pampublikong Kalusugan ay patuloy na rumerepaso ng mga oportunidad sa pagsasanay at naghahangad na isama ang mga bagong pinakamahusay na kasanayan, lumalabas na teknolohiya, at komentong tugon (feedback) mula sa mga kawani at mga komunidad na pinaglilingkuran namin.

Pagsasanay ng Akses sa Wika

Kapag naging epektibo ang planong ito, ang pwersa ng mga manggagawa ay makakatanggap ng kopya at pagsasanay sa mga pangunahing elemento ng plano. Ang mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong na ito ay ilalathala din sa intranet ng Pampublikong Kalusugan kasama ang iba pang mga patakaran at plano. Ibabahagi ito sa lahat ng mga bagong empleyado at boluntaryo habang sila ay pinagsisimula (onboarded). Ang mga pagbabago para napapanahon sa pagsasanay ay gagawin habang binabago ang plano.

Ang isang masusing na pagsasanay sa Mga Pangunahing Kaalaman sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika at Katarungang Pangwika ay kasalukuyang binubuo din at ilulunsad para sa Pwersa ng mga Manggawa ng Pampublikong Kalusugan (Public Health Workforce) sa Taglagas ng 2025. Kabilang sa mga paksa ang:

- Mga legal na kinakailangan at regulasyon tungkol sa pagkakaroon ng akses sa wika (hal., Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964)
- Pagbibigay kahulugan sa Akses Wika at Katarungang Pangwika at ang Kahalagahan nito
- Pagbibigay kahulugan at mga Tungkulin sa Pagkakaloob ng Makabuluhang Akses
- Mga Pinakamahusay na Kasanayan

Pagsasanay sa Walang Pasubaling Pagkiling (Implicit Bias Training)

Kinakailangan ng Pampublikong Kalusugan na ang lahat ng mga miyembro ng pwersa ng manggagawa na kumumpleto ng pagsasanay sa Walang Pasubaling Pagkiling at Kakayahang Pangkultura (Implicit Bias and Cultural Competency) sa loob ng 90 araw ng pagkakatanggap sa trabaho. Ipinakikilala ng kurikulum na ito ang mga pangunahing konsepto ng walang pasubaling pagkiling at kakayahang pangkultura. Nagkakaloob din ito ng mga praktikal na pamamaraan na maaaring gamitin ng bawat gustong matuto



upang bumuo ng isang indibidwal na plano sa pagbuo para mapawi ang mga walang pasubaling pagkiling (implicit biases) at mapabuti ang kanilang kakayahan sa kultura.

Iba pang Kaugnay na Pagsasanay

Ang Pampublikong Kalusugan ay madalas na nakikipagtulungan sa mga kapartner upang magkaloob ng karagdagang pagsasanay na bumubuo ng kakayahan sa kultura ng pwersa ng mga manggagawa at kakayahang makipagtulungan sa magkakaibang mga komunidad. Ang ilang mga halimbawa ay kinabibilangan ng:

- *Pagpapalano para sa Epekto: Paano Ilapat ang Mga Prinsipyo at Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad* na inihatid ng [Rising Communities](#): Kabilang sa mga talakayan kung paano mapanatili ang napapanatiling pangmatagalang relasyon sa komunidad, harapin ang mga hadlang, at bumuo ng pag-iisip na empatiya muna para suportahan ang mga matatag na komunidad. Ang pagsasanay ay nakatuon sa mga diskarte na kontra-rasista (anti-racist), kultural na pagpapakumbaba, at mga diskarte na may kaalaman sa trauma para ipaalam ang iyong diskarte sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.
- *Kumakatawan sa Pagtuon sa Katatagan na may Kinalaman sa Trauma (Embodied Trauma-Informed Resilience-Oriented [eTIRO])* na inihatid ng [Lumos Transforms](#): Natutunan ng mga kalahok ang tungkol sa eTIRO at nagsimulang bumuo ng kumakatawan sa katatagan na kinakailangan para sa pagpapatupad ng diskarte na ito. Natutunan ng mga kalahok ang mga praktikal na kasanayan upang matukoy, masubaybayan, at makaangkop sa tensyon (stress), trauma, at pagrerelaks sa kanilang sarili at sa iba.
- *Pagsasanay sa Pagbabagong Pangkultura (Cultural Transformation Training)* na inihatid ng [Translatin@ Coalition](#). Kabilang sa mga sesyon ng pagsasanay ng laging may kamalayan at pinakamahusay na kasanayan sa mga sumusunod na paksa: Sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan at pagpapapahayag ng kasarian, at sekswal na katangian (SOGIESC) 101, Inklusibong wika at panghalip (pronoun), mga Legal na proteksyon at patakaran, Sistematikong diskriminasyon at walang pasubaling pagkiling (implicit bias), mga Nagdedetermina sa Panlipunan (Social Determinants) ng Kalusugan para sa mga TGI (Transgender, Gender Expansive, at Intersex), at Pagpapakumbaba sa kultura.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon at Teknikal na Tulong:

- **Akses sa mga Materyales:** Ang isang lalagyan ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong, kabilang ang mga alituntunin, talasalitaan (glossaries) ng

mga karaniwang termino, at impormasyon ng kontak para sa mga nagkakaloob ng serbisyo sa wika, ay naroroon para madaling magagamit ng mga kawani sa Intranet ng Kagawaran.

- Teknikal na Tulong: Ang Yunit ng Katarungang Pangwika (Language Justice Unit) ng Pampublikong Kalusugan ay ay naroroon upang magkaloob ng patuloy na suporta, sumagot ng mga katanungan, at tugunan ang anumang mga hamon na maaaring harapin ng mga kawani sa larangan.



Seksyon 8: Pagpapa-alam at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Hinahangad ng Pampublikong Kalusugan na palaging isangkot ang mga miyembro ng komunidad at mga kapartner na organisasyon sa lahat ng pagsisikap na mawala ang mga agwat sa mga resulta sa kalusugan at mapabuti ang kalusugan ng lahat na nakatira, nagtatrabaho, at naglalaro sa Los Angeles County.

Patakaran sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Patakaran 407sa Kalusugan ng Publiko: Patakaran sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad *"... sinisiguro ang koordinado at estratehikong planadong pakikipag-ugnayan sa komunidad sa lahat ng mga pagsisikap sa programa upang ipakita ang isang kultura ng organisasyon na patuloy na tumutugon sa mga pangangailangan, prayoridad, pagpapahalaga, at alalahanin ng publiko. "*

Ang patakaran ay nag-uutos sa lahat ng mga programa sa Pampublikong Kalusugan na gamitin ang Pagpapatuloy ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Continuum of Community Engagement) sa kanilang pagpapalano ng programa, upang suriin at idokumento ang mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa komunidad taun-taon, at sundin ang isang itinakdang pamamaraan para sa pakikipagtulungan sa mga aktibidad sa Pampublikong Kalusugan. Binabalangkas ng patakaran ang apat na antas ng pakikipag-ugnayan:

- Pagkonsulta: Ang impormasyon ay ibinabahagi sa, at ang komentong tugon (feedback) ay kinakalap mula sa, komunidad upang ipagbigay-alam ang mga desisyon.
- Pagsasangkot: may pagpapalitan ng impormasyon sa komunidad, na ang pakikilahok ay bahagi ng pagbuo ng programa
- Pakikipagtulungan: Kasama ang isang mataas na antas ng pakikipagtulungan at pagbabahagi sa paggawa ng desisyon sa komunidad.
- Pinagsasaluhang Pamumuno: Nagtatatag ng pakikipagpartner sa komunidad na kasama sa paggawa ng desisyon.

Pangkat ng Manggagawa para sa Katarungang Pangwika (Language Justice Workgroup)

Ang Pangkat ng Manggagawa para sa Katarungang Pangwika (Language Justice Workgroup) ay nilikha noong 2021 upang payuhan ang Pampublikong Kalusugan sa mga paraan upang mapabuti ang mga serbisyo para sa mga lubos na naapektuhang komunidad na may mga hadlang sa pagkakaroon ng akses sa wika. Kabilang dito ang pagtugon sa mga hamon sa pagpapatakbo na may kaugnayan sa pagbuo at pagpapalaganap ng mga mapagkukunan ng impormasyon/tulong sa pagtugon at pagbangon mula sa COVID-19 na naaangkop sa kultura, wika, at literasiya.



Ang Pangkat ng Mangagawa (Workgroup) ay patuloy na nakikipagpulong sa Sentro para sa Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan, Yunit ng Katarungang Pangwika (Center for Health Equity Language Justice Unit) upang palakasin ang imprastraktura ng Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Pampublikong Kalusugan. Ang pangkat ng manggagawa (workgroup) ay nagpupulong tuwing ikatlong buwan at binubuo ng 14 na mga pinuno mula sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad na may karanasan at kaalaman sa mga komunidad na may kinalaman sa wika.



Apendiks A: Mga Sentro ng Tawagan sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Call Centers)

Setnro ng Tawagan ng DPH (DPH Call Center)	Madla	Numero ng Telepono
Linya ng Impormasyon ng Pampublikong Kalusugan	Komunidad, kawani	1-833-540-0473
Sentro ng Tawagan ng mga Kustomer ng Kalusugan sa Kapaligiran (EH)	Komunidad	1-888-700-9995
Linya ng Tulong sa Karahasan sa Tahanan ng LA County (Domestic Violence Hotline)	Komunidad	1-800-978-3600
Pagpigil at Pagkontrol sa Pang-aabuso ng Droga [Substance Abuse Prevention Control (SAPC) – SASH]	Komunidad	1-844-804-7500
Dibisyon ng Pag-iinspeksyon ng Pasilidad na Pangkalusugan (Health Facilities Inspection Division)	Mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan	1-800-228-1019
Linya ng Nagkakaloob ng Serbisyo para sa Pagkontrol ng Malalang Nakakahawang Sakit [Acute Communicable Disease Control (ACDC) Provider Line]	Mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at mga pasilidad	1-213-240-7941
Mga Serbisyong Medikal ng Bata [Children’s Medical Services (CMS)]	Mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at pasilidad, komunidad	1-800-288-4584

***Plano sa Pagkakaroon ng Akses sa Wika ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County
(Pampublikong Kalusugan)***

Dibisyon ng Mga Programa sa HIV at STD [Division of HIV & STD Programs (DHSP)]	Mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at pasilidad, komunidad	1- 800-758-0880
---	---	-----------------



Apendiks B: Mga Dokumento ng Mapagkukunan ng Impormasyon/Tulong (malapit ng ilabas)

- Gabay sa paghahanda para sa isang tagapagsalin ng wika (interpreter)
- Mga poster ng wika
- Mga tarheta (card) ng wika

